**Itinataguyod ng CCR ang kalusugan ng lahat ng taga-California sa pamamagitan ng pag-aambag ng kaalaman at datos para sa pananaliksik at mga pagsisikap sa pagsasagawa ng pagkontrol sa kanser.**

## Ano ang Pagtatala ng Kanser sa California (California Cancer Registry o CCR)?

- Ang CCR ay sistema sa pagsubaybay sa kanser sa buong estado ng California.
- Kinokolekta ng sistemang ito ang impormasyon tungkol sa lahat* ng kanser at lahat ng benign na tumor sa utak na natuklasan sa mga residente ng California.
- Ang **misyon** ng CCR ay maghatid ng de-kalidad na datos tungkol sa kanser na ginagamit para magligtas at mapabuti ang mga buhay.

  Ang **mithiin** ng CCR ay paglingkuran ang publiko sa pamamagitan ng pagkolekta ng mga napapanahon, may pamantayan, sakop ang buong estadong datos tungkol sa pagpapatuloy ng kanser para makatukoy ng akyon tungo sa paggamit ng datos na magdudulot ng malaking pagbabago.

## Ano ang proseso ng CCR?

- Noong 1985, nagpasa ang kongreso ng California ng isang batas na ginawang isang maiuulat na sakit ang kanser.
- Noong Enero 1, 1988, iniuulat sa CCR ang lahat* ng kanser na natuklasan sa California.
- Noong Enero 1, 2001, iniuulat na rin sa CCR ang lahat ng benign na tumor sa utak na natuklasan sa California.
- Kinokolekta rin ng mga doktor, ospital, at iba pang medikal na pasilidad ang mga datos tungkol sa mga kaso ng kanser at iniuulat ang impormasyong ito sa CCR.
- Kinokolekta ng CCR ang mga datos na ito, nagsasagawa ng pagtitiyak ng kalidad na may maraming yugto, at sinusuri ang datos ayon sa batayan para sa buong estado.

## Bakit mahalaga ang CCR?

- Pangkaraniwan na ang mga kanser.
  - » Halos isa sa kada dalawang taga-California ang natutuklasang may kanser sa ilang bahagi ng kanilang buhay.
  - » Isa sa apat na taga-California ang mamamatay dahil sa kanser.
  - » Libo-libong kaso ng kanser at pagkamatay dulot ng kanser ang nangyayari sa California kada taon.
- Nakatutulong ang datos tungkol sa kanser para maunawaan natin ang mga sanhi ng mga kanser at kung paano maiiwasan at magagamot ang mga kanser.

## Sino ang Nakikinabang sa CCR?

- Itinataguyod ng CCR ang kalusugan ng lahat ng taga-California sa pamamagitan ng pag-aambag ng kaalaman at datos para sa pananaliksik at mga pagsisikap sa pagsasagawa ng pagkontrol sa kanser.
- Maraming indibiduwal at grupo sa California at higit pa ang nakikinabang mula sa CCR:
  - ang publiko;
  - mga pasyenteng may kanser at kanilang mga pamilya;
  - mga ospital/sentrong pangkalusugan;
  - mga propesyonal sa kalusugan;
  - mga mananaliksik; at
  - mga lokal at pang-estadong kagawaran ng kalusugan.

* **HIndi kinokolekta ng CCR ang datos tungkol sa non-melanoma na kanser sa balat at carcinoma in-situ sa cervix..**

## Paano ginagamit ang Datos ng CCR?

**Ginagamit ang datos ng CCR sa:**

- pagbabantay sa bilang ng mga bagong kaso ng kanser at mga pagkamatay dulot ng kanser sa paglipas ng panahon;
- pagsusuri ng pagkakaiba sa panganib ng kanser, gamutan, at pagkaligtas ng buhay;
- pagsusuri sa mga pagpipilian ng gamutan at iba pang tumutukoy sa pag-asang maligtas ang buhay;
- pagsukat sa tagumpay ng mga programa sa pagtukoy ng kanser;
- pagtugon sa mga alalahanin at katanungan ng publiko tungkol sa kanser; at
- pagsasagawa ng pananaliksik para alamin ang mga sanhi at lunas sa kanser.

**Ginagamit ng mga mananaliksik ang datos ng CCR para:**

- suriin ang pagkakaiba sa heograpiya, lahi/etnikong pangkat, at trabaho kaugnay ng panganib sa kanser;
- pagsusuri sa kalidad ng medikal na pangangalagang natatanggap ng mga pasyenteng may kanser; at
- pagsusuri sa kaugnayan ng pagkaligtas ng buhay ng pasyente sa uri ng kanser, lala ng pagkakasakit, mga katangiang demograpiko, at iba pang mahalagang salik.



## Ano na ang mga nagawa ng CCR?

**Ang CCR ay:**

- kinilala na sa buong mundo para sa de-kalidad nitong datos;
- nakatanggap ng malalaking pondo para imbestigahan ang mga sanhi, paraan ng pag-iwas, at lunas sa kanser;
- nagpapasok ng milyon-milyong dolyar sa California para gamitin sa pananaliksik;
- nagbibigay ng impormasyon sa mga bilang ng kanser kaugnay ng magkakaibang lahi/etnikong pangkat sa estado;
- naglalathala ng mga espesyal na ulat tungkol sa maraming uri ng kanser; at
- nagbibigay ng pampublikong access sa pang-estado, panrehiyon at pang-county na antas ng insidente ng kanser at dami ng namatay pati na rin ang mga interaktibong mapa sa internet sa www.ccrcal.org.

